



BY-LAW NG STYRO – ENERO 1, 2020

MGA MADALAS ITANONG

Saan ko mahahanap ang by-law ng styro?

Ang mga patakarang namamahala sa mga styro cup at styro na mga lalagyan ng take-out ay isang serye ng mga pag-amyenda sa By-law ng Lisensiya Num. 4450. Ang mga pag-amyenda sa by-law na ito ay makikita sa vancouver.ca/foam at kasama ang:

- By-law 12416 (binabago ang By-law 4450 na tungkol sa polystyrene na styro)
- By-law 12604 (binabago ang By-law 4450 tungkol sa mga kawanggawang serbisyo ng pagkain)

Ang pinagsamang By-law ng Lisensiya Num. 4450 ay makikita sa vancouver.ca/your-government/licence-by-law

Bakit pinagbawal ng Lungsod ang mga polystyrene na styro cup at mga styro na lalagyan ng take-out?

Ang pagbabawal sa mga styro cup at styro na lalagyan ng take-out ay bahagi ng pangkat ng mga pagkilos na ginagawa ng Lungsod para mabawasan ang basurang single-use item habang nagtatrabaho tayo patungo sa ating pangmatagalang layuning maging zero-waste na komunidad sa pagsapit ng 2040.

Ang karamihan sa mga styro cup at styro na lalagyan ng take-out ay pinadadala sa landfill o incinerator. Tanging anim na porsiyento ng mga residente ng Vancouver ang nag-ulat na dinadala nila ang styro sa depot ng pagreresiklo. Pitumpu't-walong porsiyento ng mga residente ng Vancouver ang sumusuporta sa pagbabawal at sa palagay ng 84%, ang mga fast-food na restawran o mga kapihan ay dapat maglaan ng muling magagamit na pinagkakainan. Ang styro ay ang ika-11 pinakakaraniwang klase ng kalat na nahanap sa mga baybayin ng Canada noong 2019, ayon sa Great Canadian Shoreline Cleanup.

Habang nagsasagawa tayo ng mga hakbang para mabawasan ang basura mula sa mga single-use item sa panahon ng COVID-19, nagtrabaho tayo para masiguro na ang lahat ng by-law natin ay naaayon sa pinakabagong pampublikong patnubay sa kalusugan at protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga residente, mga negosyo at kanilang mga kawani.

Para sa mga pinakabagong pangkalusugang inaatas para sa COVID-19 at mga dulugan, mangyaring pumunta sa:

- Webpage ng Provincial Health Officer para sa mga kautusan, abiso at patnubay.
- British Columbia Centre for Disease Control (BCCDC), kasama ang web page ng food business.
- Web page ng Vancouver Coastal Health para sa kalusugan ng kapaligiran at mga inspeksiyon.
- Work Safe BC.



BY-LAW NG STYRO - ENERO 1, 2020

MGA MADALAS ITANONG

Ano ang kasama sa pagbabawal sa styro?

Ang pagbabawal ay mailalapat sa:

- Lahat ng puti at de-kolor na polystyrene na styro cup at styro na lalagyan ng take-out na ginagamit ng mga nagtitinda ng pagkain sa paghahain ng hinandang pagkain o inumin, kasama pero hindi limitado sa: mga plato, cup, mangkok, tray, karton at hinged (“clamshell”) o may takip na lalagyan;
- Lahat ng hinandang pagkain, ito man ay nakonsumo sa lugar, hinain bilang take-out o delivery, o pinakete bilang mga tira, na nilagay sa mga styro cup at styro na mga lalagyan ng take-out;
- Ang tinutukoy ng hinandang pagkain ay pagkain o mga inuming hinanda ng mga nagtitinda ng pagkain gamit ang anumang pamamaraan sa pagluluto o paghahanda ng pagkain. Maaaring kasama dito ang mga pagkaing tulad ng sopas, nilaga, curry, sushi, pritong pagkain, sarsa, ensalada, mga pagkain sa deli, o mga hiniwang gulay na makakain nang hindi na niluluto.

Sino at ano ang hindi kasama sa pagbabawal sa styro?

Mga Ospital at Mga Community Care Facilities: Ang pagbabawal sa styro ay hindi para sa mga serbisyong pagkain sa mga pasyente sa mga ospital o serbisyong pagkain sa mga residente ng mga community care facilities. Ang pagbabawal sa styro ay hindi mailalapat sa mga nagbebenta ng pagkain na may lisensiya sa pagnenegosyo sa Vancouver na nasa mga ospital o community care facility (halimbawa" mga kapeterya, kapihan) na naghahain ng nakahandang pagkain sa mga kostumer.

Ang mga styro na tray na ginamit bilang pakete ng mga hindi pa lutong pagkain tulad ng karne, poultry, seafood, itlog o gulay na kailangan pang maihanda bago ang pagkain nito ay pahihintulutan.

Ang mga hinandang pagkain na nakapakete at sinelyuhan sa labas ng Vancouver sa mga styro cup at styro na mga lalagyan para sa take-out ay pinapayagan din.

Bakit hindi kasama ang mga ospital at community care facilities mula sa by-laws ng single-use item?

Ang hindi pagsama ng by-law para sa mga ospital at mga community care facilities ay nagbibigay sa mga pangkalusugang organisasyon ng kakayahang umayon para matugunan ang mga pangangailangan sa pangangalaga ng kalusugan para matugunan ang kontrol sa impeksiyon, kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho, at mga pamantayan sa pangangalaga sa pasyente. Halimbawa, ang ilang single-use item ay kailangan para maghain ng mga hinandang pagkain sa mga pasyente ng ospital para mabawasan ang peligro sa pagkalat ng mga impeksiyon, at ang single-use na plastic na kubyertos ay ang mas nais na opsiyon sa mga Psychiatric unit para matugunan ang mga pangkaligtasang alalahanin.

Alam ng Lungsod na iniimbestigahan ng mga pangkalusugang organisasyon ang mga oportunidad para mabawasan ang distribusyon ng mga single-use item sa pangangalaga sa kalusugan sa patuloy na batayan.



BY-LAW NG STYRO - ENERO 1, 2020

MGA MADALAS ITANONG

Ako ay lisensiyadong nagbebenta ng pagkain na may operasyon sa mga lugar ng ospital. Para ba sa akin ang pagbabawal sa styro?

Baka. Kung ang negosyo mo ay kinontrata para magbigay ng serbisyong pagkain sa mga pasyente sa mga ospital o serbisyong pagkain sa mga residente ng mga community care facilities, ang pagbabawal ay hindi para sa mga nasa sitwasyong iyon. Ang pagbabawal sa styro ay nailalapat sa mga nagbebenta ng pagkain na may lisensiya sa pagnenegosyo sa Vancouver na nasa mga ospital o community care facilities (halimbawa" mga kapeterya, kapihan) na naghahain ng nakahandang pagkain sa mga kostumer.

Ang mga kawanggawa ba at ang mga not-for-profit ay kailangang sumunod sa by-law ng styro?

Oo. Hindi isinama ng by-law ang mga kawanggawang serbisyo ng pagkain mula sa pagbabawal sa mga styro cup at styro na lalagyan ng take-out hanggang sa Enero 1, 2021. Lahat ng mga organisasyon na inaatasang may hawak na lisensiya sa pagnenegosyo sa ilalim ng By-law sa Lisensiya Num. 4450 ng Lungsod ng Vancouver, kabilang ang mga nakarehistrong kawanggawa at mga not-for-profit na korporasyon na nagbibigay ng mga kawanggawang serbisyo ng pagkain.

Ang ibig sabihin ng “mga kawanggawang serbisyo ng pagkain” ay pagbibigay ng libre o murang pagkain ng organisasyon na naka-incorporate at nasa mabuting katayuan sa ilalim ng Societies Act, o nakarehistro bilang kawanggawang organisasyon sa ilalim ng pederal na Batas sa Income Tax.

Tala: Sa panahon ng COVID-19, ang mga kawanggawang serbisyo ng pagkain ay maaaring magpatuloy na mamahagi ng mga single-use item kasama ng pagkain o meals, kabilang ang mga styro cups at styro na mga lalagyan ng take-out, pero inaasahang magsimulang magtrabaho patungo sa pagsunod nila sa by-laws sa lalong madaling panahon.

Ang mga serbisyo ba sa paghahatid ng pagkain ay inaatasang sumunod sa by-law ng styro?

Kung ang negosyo ay nagbibigay lang ng mga serbisyo sa paghahatid at hindi nagbebenta ng nakahandang pagkain, ang by-law na ito ay hindi direktang mailalapat sa kanila. Subalit, ang mga nagbebenta ng pagkain na nasa Vancouver ay dapat sumunod sa by-law ng styro, kasama ang mga benta sa pamamagitan ng mga serbisyo sa paghahatid ng pagkain.

Ang pagbabawal ba ay mailalapat sa lahat ng mga polystyrene na plastik na produkto, kasama ang mga kubyertos, mga takip ng cup at mga lalagyan na gawa mula sa matigas na polystyrene na plastik, o polystyrene na styro na cushion na pakete o mga styro freezer?

Hindi. Ang pagbabawal ay para lang sa mga expanded polystyrene na styro cup at styro na mga lalagyan ng take-out na ginamit ng mga nagbebenta ng pagkain para maghain ng mga nakahandang pagkain at inumin.



BY-LAW NG STYRO - ENERO 1, 2020 MGA MADALAS ITANONG

Mas mahal ba ang mga hindi-styro na alternatibo?

May mga opsiyong sulit ang gastos. Sa pananaliksik namin, natutunan namin na ang mga presyo ng pakete ay iba-iba depende sa klase ng materyales, dami ng binili at supplier. Minumungkahi namin na makipag-ugnay ka sa iyong supplier para makuha ang pinaka abot-kayang (mga) alternatibo na maaaring maresiklo sa programa ng residensyal na pagkolekta ng mareresiklo sa Recycle BC o na-compost sa Green Bin na programa ng Lungsod.

Para mabawasan ang kabuuan mong gastos, hinihikayat ka naming talakayin ang mga opsiyon sa pagbibili ng maramihan kasama ang mga katulad sa negosyo mo at/o sa iyong lokal na Asosasyon sa Pagpapabuti ng Negisyo o asosasyon ng restawran. Sa narinig namin, ang pagbili ng maramihan ay makakatulong sa iyo at sa mga ibang negosyong makatipid ng pera.

Ang isa pang paraan para mabawasan ang gastos ay gumamit ng kasing kaunting lalagyan hangga't posible. Halimbawa, maaari mong tanungin ang mga kostumer mo sa dine-in kung gusto nilang balutin ang mga tira nila sa kasing kaunting single-use na lalagyan hangga't posible, sa halip na hiwa-hiwalay na balutin ang mga natirang putahe. Maaari niyo ring hikayatin ang inyong kostumer sa dine-in na magdala ng sarili nilang muling magagamit na lalagyan para maiwi ang anumang tira.

Saan ako makakahanap ng impormasyon tungkol sa katanggap-tanggap na alternatibo sa mga styro cup at styro na lalagyan ng take-out?

Sa aming website: may listahan ng minumungkahing alternatibo ay makukuha sa vancouver.ca/foam at sa Patnubay sa By-law ng Single-Use Item.

Anong mga alternatibo ang magagamit para sa maiinit na likido o masasarsang putahe?

Hinihikayat ka naming makipag-ugnay sa iyong supplier para kumuha ng katanggap-tanggap na alternatibo na bagay sa pangangailangan mo. Maaaring kasama sa ilang opsiyon ang matigas na mga plastik na lalagyan, mga polycoat na papel na lalagyan at mangkok, at mga aluminum na lalagyan. May listahan ng mga minumungkahing alternatibong makukuha sa amng website sa vancouver.ca/foam

Ano ang dapat gawin ng mga negosyo sa natirang stock ng mga styro na cup o styro na mga lalagyan ng take-out ngayong pinatutupad na ang pagbabawal?

Ang anumang natitirang styro na cup at styro na mga lalagyan ng take-out ay maaaring ibigay sa mga kawanggawang tagapaglaan ng pagkain kung tumatanggap sila ng styro na cup at styro na lalagyang donasyon sa panahon ng pandemyang COVID-19.

Mangyaring malaman na maraming kawanggawa ng tagapaglaan ng pagkain ay nag-phase out na ng mga styro na cup at styro na lalagyan ng take-out at gumagamit ng muling magagamit o mareresiklong alternatibo. Mangyaring huwag magdala ng mga donasyon ng mga styro cup at styro na lalagyan ng take-out nang hindi gumagawa ng paunang pakikipag-ayos sa organisasyon, ay guwag itong iwan sa labas ng pintuan nila.



BY-LAW NG STYRO - ENERO 1, 2020 MGA MADALAS ITANONG

Paano ipinatutupad ng Lungsod ang by-law ng styro?

Dahil sa mga nakakapagpahinang mga pangyayari ng COVID-19, inuuna ng mga kawani ng Lungsod ang outreach at edukasyon para masiguro na ang mga negosyo ay may suportang kailangan nila upang sumunod sa mga by-law ng single-use item.

Kung makitang hindi sumusunod ang negosyo sa mga by-law ng single-use item na ipinatutupad, ang mga unang pagkilos ng Lungsod ay tututok sa edukasyon, outreach at suporta para matulungan silang sumunod.

Kasunod ng unang pagkilos sa edukasyong ito, ang pagdagdag ng mga lebel ng pagpapatupad ay maaaring ilapat para matugunan ang hindi sumusunod na nagpapatakbo. Maaaring kasama sa pagpapatupad ang pagbibigay ng mga ticket, na may multang \$500 sa bawat paglabag, o higit na prosekusyon sa probinsiyal na korte na maaaring sumailalim sa maximum na multang \$10,000 sa bawat paglabag. Ang patuloy na hindi pagtupad ay maaari lang magresults sa mga pagsuspinde sa lisensiya ng negosyo, o mga rekomendasyon para sa pagbawi ng lisensiya ng negosyo.

Para sa mga pinakabagong update sa pagpaaptupad, pumunta sa **vancouver.ca/reduce-single-use**